Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

74

SINIPI SA KATITIKAN NG DI-KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG DISYEMBRE 23, 2009, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:25 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kagalang-galang ALAN T. PAMATMAT ..... | PANGALAWANG PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. de Leon ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jun M. Asinas ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Romulo A. Elca ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Roselon F. Pamatmat ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Angelito U. Limjuco ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang John Carlos C. delos Reyes . | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kagalang-galang Oscar F. Feliciano ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Isagani R. Malapaya ..... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |

### KAPASIYAHAN BLG. 224-T2009

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KARAGDAGANG BADYET BLG. 1 NG BARANGAY MALINAO NA NAGKAKAHALAGA NG ISANG DAA'T ISANG LIBO PITONGDAAN LIMAMPU'T ISANG PISO AT APATNAPU'T LIMANG SENTIMOS (Php101,751.45) MULA SA EXCESS INTERNAL REVENUE ALLOTMENT PARA SA TAONG 2009 NA MAY KABUUANG HALAGANG Php102,147.70 UPANG ILAAN SA 20% DEVELOPMENT FUND (Php20,429.40); 10% SK FUND (Php10,214.70), 5% CALAMITY FUND (Php5,107.35), IBA PANG BENEPISYO NG BARANGAY (Php45,000.00), GAMOT (Php11,000.00) AT PAMBAYAD NG LABOR NG PAGPAPAPINTURA NG BARANGAY HALL AT DAY CARE CENTER (Php10,000.00) NG NABANGGIT NA BARANGAY.**

**SAPAGKA'T,** iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 39-T2009/Kautusan Blg. 05-T2009 ng Sangguniang Barangay ng Malinao na nagkakahalaga ng Php101,751.45 mula sa Excess Internal Revenue Allotment para sa taong 2009 na may kabuuang halagang Php102,147.70 upang ilaan sa 20% Development Fund (Php20,429.40), 10% SK Fund (Php10,214.70), 5% Calamity Fund (Php5,107.35), Iba pang Benepisyo ng barangay (Php45,000.00), Gamot (Php11,000.00) at Pambayad ng Labor ng pagpapapintura ng Barangay Hall at Day Care Center (Php10,000.00) ng nabanggit na barangay.

**SAPAGKA'T,** matapos ang pagsusuri at pag-aaral sa paglilipat at paglalaan ng pondo ng nabanggit na barangay ay inirekomendang pagtibayin na ito.

**SAPAGKA'T,** lahat ng mga laang gugulin ng barangay ay itinatagubiling iayon sa mga tuntunin sa pagbabadyet, pagtutuos at pag-a-awdit.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Ramon D. Tan (Pang. Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi), na pinangalawahan ng mga Kagalang-galang Kagawad Roselon F. Pamatmat at John Carlos C. delos Reyes at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Karagdagaang Badyet Blg. 1 ng Barangay Malinao na nagkakahalaga ng Php101,751.45 mula sa Excess Internal Revenue Allotment para sa taong 2009 na may kabuuang halagang Php102,147.70 upang ilaan sa 20% Development Fund (Php20,429.40), 10% SK Fund (Php10,214.70), 5% Calamity Fund (Php5,107.35), Iba pang Benepisyo ng barangay (Php45,000.00), Gamot (Php11,000.00) at Pambayad ng Labor ng pagpapapintura ng Barangay Hall at Day Care Center (Php10,000.00) ng nabanggit na barangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay ng Malinao, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

Alan T. Pamatmat
**ALAN T. PAMATMAT**
Pangalawang Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**ARIEL T. MAGCALAS**
Punong Bayan